ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

# Paglalayag ng mga Guro sa Likod ng Flalok Project

Rolando M. Valdez Jr.*[1], Prof. Tobias A. Flores[2]
[1, 2] Holy Trinity College of General Santos City
*Corresponding Author email: *rmvaldezjr.26@gmail.com*

**Received**: 20 April 2025 **Revised**: 22 May 2025 **Accepted**: 24 May 2025

**Available Online**: 26 May 2025

**Volume IV (2025), Issue 2, P-ISSN – 2984-7567; E-ISSN - 2945-3577**

https://doi.org/10.63498/etcor336

***Abstract:***
**Layunin:** Sa pagpapatupad ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE), mahalaga ang mga kagamitang nakaugat sa kultura ng mga mag-aaral. Isa na rito ang Flalok Big Books na naglalaman ng mga kuwentong-bayan ng mga Blaan. Layunin ng pag-aaral na ito na alamin ang karanasan ng mga guro sa paggamit ng Flalok Big Books bilang lunsaran sa pagtuturo ng MTB-MLE mula sa Baitang 1 hanggang Baitang 3.
**Metodolohiya:** Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng phenomenological qualitative study upang suriin ang karanasan ng mga guro sa sa paggamit ng Flalok Big Books sa pagtuturo ng MTB-MLE.
**Resulta:** Lumabas sa pag-aaral na ito ang positibong karanasan ng mga guro tulad ng: napanatili ng guro ang interaktibong talakayan, ang paggabay ng guro sa higit na pag-unawa ng mga konteksto, at ang pagtugon sa mga hamon sa wika. Kasabay ng positibong karanasan ay may negatibong karanasan ang dinanas ng mga guro sa pagtuturo gamit ang Flalok Big Books at ito ay kahirapan sa pagbigkas at pag-unawa ng mga salita. Ang bawat karanasang ito ay may kaakibat na epekto sa pagpapatupad ng kurikulum.
**Konklusyon:** Batay sa pag-aaral, napatunayang kapaki-pakinabang ang paggamit ng Flalok Big Books sa pagtuturo ng MTB-MLE. Nakatutulong ito sa pagpapanatili ng interaktibong talakayan at mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa lokal na konteksto. Gayunpaman, naranasan din ng mga guro ang ilang suliranin, partikular na sa pagbiskas at pag-unawa ng ilang salitang nakapaloob sa mga akda. Ipinapakita nito na habang epektibo ang mga kagamitan sa ilang aspeto, may mga hadlang na kailangan tugunan upang maging mas mahusay ang implementasyon ng kurikulu.ang pag-aaral na ito inirerekomenda  na kailangan magsagawa ng pagsasanay para sa mga guro kaugnay sa tamang pagbigkas at interpretasyon ng mga salitang katutubo sa Flalok Big Books, Isama ang mga mungkahi ng mga guro sa pagpapabuti ng mga susunod na edisyon ng Flalok Big Books, at hikayatin ang kolaborasyon sa pagitan ng mga manunulat at guro upang mapanatili ang kalidad at at kauganayan ng mga mga akda sa lokal na wika at kultura. Ang pag-aaral na ito ay mahalaga upang mapabuti ang pagtuturo ng mga guro gamit ang Flalok Big Books sa MTB-MLE.
***Mga Susing Salita****: Flalok Project, Flalok Big Books, Flalok, paglalayag,Mother Tongue Based Multilingual Education (MTB-MLE)*

## PANIMULA

Ang Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) ay isang mahalagang reporma sa sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas na naglalayong gamitin ang unang wika ng mga mag-aaral bilang midyum ng pagtuturo mula Baitang 1 hanggang Baitang 3. Ayon sa mga pag-aaral, may positibong epekto ang MTB-MLE sa pagkatuto ng mga bata, partikular sa aspeto ng mas malalim na pag-unawa sa mga aralin, mas aktibong partisipasyon, at mas



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181
RUN RESEARCHERS RUN

mataas na antas ng kumpiyansa sa sarili. Subalit, may mga hamon pa ring kinahaharap sa implementasyon nito, tulad ng kakulangan sa guro, kagamitan, at suporta mula sa komunidad (Mariano & Gime, 2020; Castor, 2021; Monje, 2022).

Noong Oktubre 10, 2024, naging batas ang Republic Act No. 12027, na nagwawakas sa paggamit ng mother tongue bilang pangunahing midyum ng pagtuturo mula Kindergarten hanggang Baitang 3. Sa ilalim ng batas na ito, ibinalik ang paggamit ng Filipino at English bilang pangunahing wika ng pagtuturo, habang ang mga rehiyonal na wika ay magsisilbing auxiliary media of instruction.

Gayunpaman, pinapayagan pa rin ang paggamit ng MTB-MLE sa mga monolingual na klase, kung saan ang lahat ng mag-aaral ay nagsasalita ng parehong unang wika, basta't natutugunan ang ilang mga kondisyon, tulad ng pagkakaroon ng opisyal na ortograpiya, dokumentadong bokabularyo, at mga guro na may sapat na kasanayan sa pagtuturo gamit ang mother tongue.

Sa ganitong konteksto, isang mahalagang inisyatibo ang Flalok Big Books, mga aklat na naglalaman ng mga kuwentong-bayan ng mga Lumad, partikular ng mga Blaan. Ang mga ito ay isinulat sa wikang katutubo at nilalayong maging pantulong na kagamitang panturo sa ilalim ng MTB-MLE. Ang paggamit ng Flalok Big Books ay hindi lamang nakatutulong sa pagtuturo ng pagbasa at pagsulat, kundi nagsisilbi ring tulay upang mapalapit ang mga mag-aaral sa kanilang sariling kultura at pagkakakilanlan (Polangcos, 2020).

Ayon sa mga guro, ang mga Big Books ay nakatutulong sa pagbibigay ng konkretong representasyon ng mga konsepto sa mga mag-aaral, dahil may mga ilustrasyon, *visual aids*, at kuwentong naaayon sa kanilang karanasan at wika. Nakatutulong ito sa paglinang ng *literacy skills* at sa pagtaas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral, na mas nagiging aktibo sa klase (Villamor, 2020).

Gayunpaman, isa rin sa mga hamon na kinahaharap ng mga guro sa paggamit ng Flalok Big Books ay ang baryasyon ng wikang Blaan, na nagdudulot ng kalituhan sa pag-unawa sa ilang salita o konsepto. Ipinakita nina Ojanola at Tarusan (2023) na ang wikang Blaan ay may iba't ibang baryante sa rehiyon ng Soccsksargen, gaya ng Sarangani, Koronadal, Columbio, at Tulunan Blaan, na may magkakaibang ponolohiya, bokabularyo, at estruktura. Dahil dito, may mga pagkakataon na hindi agad nauunawaan ng mga guro o mag-aaral ang ilang bahagi ng mga kuwentong nakapaloob sa Flalok Big Books, dahil hindi ito tumutugma sa baryanteng ginagamit sa kanilang lokal na komunidad. Ang ganitong sitwasyon ay nagiging hadlang sa tuloy-tuloy at epektibong paggamit ng kagamitang panturo sa loob ng klase.

Kaya naman, mahalagang malaman at masiyasat ang mga karanasan ng mga guro sa paggamit ng Flalok Big Books sa pagtuturo ng MTB-MLE, upang matukoy ang mga positibong epekto, maging ang mga hamong kanilang kinakaharap, bilang batayan sa pagpapabuti ng implementasyon nito sa mga katutubong pamayanan.

### Layunin

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay malaman ang karanasan ng mga guro na gumagamit ng Flalok Big Books sa kanilang pagtuturo ng MTB-MLE.

Partikular na nais matugunan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang mga karanasan ng mga guro na gumagamit ng Flalok Big Books sa pagtuturo ng Mother Tongue-Based Mutlinggual Education?
2. Paano nakaapekto ang karanang ito sa pagpapatupad ng kurikulum?

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng qualitative research na may disenyong phenomological, kung saan naglayong malikom ang mga datos sa pamamagitang in-depth interview upang masuri ang karanasan ng mga guro sa paggamit ng Flalok Big Books bilang lunsaran sa partuturo ng MTB-MLE (Hossain & Alam, 2024).



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Open-Access, Interdisciplinary & New Educational Discoveries of ETCOR Educational Research Center (iJOINED ETCOR)
ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Pakikipanayam ang ginamit na metodolohiya upaang makuha ang mga kinakailangang mga datos sap ag-aaral na ito.

**Population and Sampling**

Ang pananaliksik na ito ay naisagawa sa Sarangani Province particular na sa munisipalidad na Malungon, Alabel, Malapatan, Glan, at Maasim. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay 2 guro na nagtuturo mula sa Lamlifew Integrated School sa munisipalidad ng Malungon, 2 guro sa Calay IP School munisipalidad ng Alabel, 2 guro mula sa Cablaan Integrated School sa munisipalidad ng Malapatan, 2 guro mula sa Prudencio Integrated Schoool mula sa munisipalidad ng Glan, at 2 guro mula sa Kyumad Integrated School sa munisipalidad ng Maasim. Ang mga gurong ito ay kasalukuyang nagtuturo ng MTB-MLE mula Baitang 1 hanggang Baitang 3 na gumagamit ng Flalok Big Books.
Purposive sampling ay isang non-propabilty sampling na kung saan pinili ng mga mananaliksik ang mga kalahok ayon sa itinakdang pamantayan ng pag-aaral. Ang mga pamatayan ay ang mga sumusunod: 1) Ang mga guro ay kasalukuyang nagtuturo sa Baitang 1 hanggang Baitang 3 sa mga pampublikong paaralan sa ilalim ng Dibisyon ng Sarangani.Ang mga kalahok ay nakatalaga sa partiture ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE). 2) Ang mga guro ay hindi bababa sa dalawang (2) taon nang karanasan sa partiture ng MTB-MLE upang matiyak ang kanilang kaalaman at kakayahan sa larangang ito. 3) Ang mga guro ay regular na gumagamit ng Flalok Bog Books bilang bahagi ng kanilang kagamitan sa partiture ng MTB-MLE. 4) ang mga guro ay boluntaryong pumayag na lumahok sa pag-aaral at pumirma ng kasunduan upang mapanatili ang pagiging kumpidensyal ng kanilang impormasyon.

Ang mga mananaliksik ay pumili ng sampung kalahok na tumugon sa itinakdang pamantayan. Matapos suriin ang kanilang mga sagot, napagpasyahan na naabot na ang mga datos na kinakailangan sa pag-aaral, na nasisiguro ng masusing pagtalakay sa mga kaugnay na tema gamit ang mga napiling kalahok.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Upang makalap ang kinakailangang datos para sa pananaliksik, gumamit ang mga mananaliksik ng in-depth interview. Nakatulong ito nang malaki sa pagbuo ng buod ng mahahalagang impormasyon at natuklasan hinggil sa bawat kalahok. Bilang karagdagang suporta sa proseso ng pangangalap ng datos, isinagawa rin ang masinsinang talakayan at pagbabahagi ng mga personal na karanasan upang lubos na maunawaan ang layunin ng pag-aaral batay sa mga kasagutan ng mga kalahok. Ang mga ginamit na kasangkapan sa pananaliksik ay sumailalim sa masusing proseso ng balidasyon. Humingi ng tulong ang mga mananaliksik sa mga eksperto upang masuri at mapagtibay ang bisa ng mga instrument, isang hakbang na binigyang-diin nina Creswell at Poth (2021) bilang mahalagang bahagi ng anumang akademikong pananaliksik upang matiyak ang pagiging angkop at bisa ng mga ito.

**Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos**

Sa pangangalap ng datos, Ang mga mananaliksik ay humingi ng pahintulot mula sa School Division Superintendent (SDS) ng Dibisyon ng Sarangani, sa mga punong-guro ng limang paaralan, at sa gurong kalahok na magsasagawa ng isang in-depth interview. Bilang bahagi ng proseso ng pangangalap ng datos, isinagawa ang masusing panayam at pinangunahan ng pagbabahagi ng mga personal na karanasan sa in-depth interview ng mga kalahok na sinadyang piliin para sa pag-aaral.

**Pag-aanalisa ng Datos**

Ang mga datos na nakalap mula sa mga kalahok ay sinuri sa pamamagitan ng thematic analysis nina Braun at Clarke (2021) na modelo ito ay may pitong hakbang sa pagsusuri sa mga nakalap na datos. Una, kenolekta ang mga datos na kinakailangan tulad ng panayam at transkripsyon, ito ay isinaayos upang mas madaling gamitin sa pagsusuri. Pangalawa, ang binasa ang mga datos upang maging pamilyar sa nilalaman at itinala ang paunang obserbasyon o ideya na maaring lumitaw. Pangatlo, tinukoy mahahalagang bahagi ng datos sa pamamagitan ng paglalagay ng maikling parirala na sumasalamin sa mga pangunahing ideya. Pang-apat, pinagsama-sama ang maikling parirala na magkakaugnay upang makabuo ng mas malawak na tema. Panlima, sinuri ang mga nabuong tema upang matiyak ang



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181
RUN RESEARCHERS RUN

kawastuhan at kaangkupan sa kabuuang datos, Pang-anim, binigyan ang bawat tema ng tiyak at makabuluhang pamagat na naglalarawan sa ideya ng bawat tema. At panghuli, binigyan ng interpretasyon ang bawat tema na sumasalamin sa malalim nap ag-unawa sa persepsyon ng bawat kalahok.

**Mga Etikal na Pagsasaalang-alang**

Upang masiguro ang kalidad, kridibilidad, at ethical na integredad ng pag-aaral, ang mga mananaliksik ay isinalang-alang ang panuntunan ng institusyon upang matiyak ang pangkalahatang kaayusan ng pananaliksik. Sa pamamagitan ng informed consent ay ipinadala sa mga kalahok upang ipaalam ang layunin, proseso, at benepisyon ng pag-aaral. Ang mga kalahok ay kusang-loob na pumayag sa panayam at walang halong pamimilit.

Nang makuha ang pag-sang ayon ng mga kalahok, ang mga mananaliksik ay nakipag-usap sa mga kalahok kung kailan gaganapin ang panayam. Lahat ng mga panayam ay gumamit ng audio recorder para masiguro na lahat ng kanilang sasabihin ay masasali sa transkripsyon. Bago ang pagrerecord humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik sa mga kalahok alinsunod sa Data Privacy Act of 2012.

Upang masiguro ang kumpidensyal ng mga kalahok ay gumamit ng mga simbolo ang mga mananaliksik sa transkripsyon, sa mga pagsusuri, at sa pag-uulat. Tanging ang mga mananaliksik lamang ang nakakaalam sa identidad ng mga kalahok at mananatili itong kumpidensyal. Ang mga datos na nakuha sa mga kalahok ay sinigurong ligtas sa kamay ng mga mananaliksik.

**RESULTA at DISKUSYON**

Inilalahad sa bahaging ito ang pagsusuri at interpretasyon ng mga nakalap na datos mula sa mga kalahok. Ang mga natuklasan ay inaayos sa mga lumitaw na tema, kung saan ang bawat isa ay may kaakibat na interpretasyon at talakayan hinggil sa mga implikasyon nito.

**1. Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Flalok Big Books**

**Tema**

*Positibong Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Flalok Big Books*
*Negatibong Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Flalok Big Books*

1.1 Positibong Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Flalok Big Books

Ang positibong karanasan ng mga guro sa paggamit ng Flalok Big Books ay nahahati sa tatlong pangunahing ideya ito ay ang mga sumusunod: una, napanatili ng guro ang interaktibong talakayan. Pangalawa, nagabayan ng guro ang klase sa higit na pag-unawa ng mga konteksto. Pangatlo, natugunan ang hamon sa wika. Narito ang halimbawa ng mga traskripsyon.

1.1.1 Napanatili ng Guro ang Interaktibong Talakayan

***Teacher 1: "… yong mga bata na nandito sa na ngayon sa grade 1 and 2 na IP na eexcite sila pag MTB time naming dahil sa Flalok Big Books."***
***Teacher 3: "… yong mga bata na nandito sa na ngayon sa grade 1 and 2 na IP na eexcite sila pag MTB time naming dahil sa Flalok Big Books."***
***Teacher 4: "… makikita mo talaga na interesado sa kanila na interesado sila…"***
***Teacher 5: "… nakikipag engage po or nakakapagparticipate sila sa akin when it comes sa Flalok po kasi naiintindhan nila…"***
***Teacher 7: "Ok lang naman mas nagiging interactive naman ang klase. Basta baya bata…"***
***Teacher 9:"… mas cooperative and participative sila once na maintindhan nila yung lengguwahe."***
***Teacher 10: : "… ano sila very active in terms of participation and then pag mag question ako sa kanila very active sap ag answer…"***


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181
RUN RESEARCHERS RUN

Batay sa mga pahayag ng mga kalahok, malinaw na ipinapakita ng mga mag-aaral ang mataas na antas ng interes at aktibong partisipasyon sa tuwing ginagamit ang Flalok Big Books sa klase, partikular sa panahon ng MTB-MLE. Ayon sa mga kalahok, ang mga batang nasa mababang baitang gaya ng Baitang1 at Baitang 2 na mula sa pangkat etnolinggwistiko (IP) ay nasasabik, nakikipag-ugnayan, at mas nakikilahok sa mga talakayan kapag ginagamit ang mga kagamitang ito. Ipinahayag din ng mga kalahok na ang mga mag-aaral ay mas cooperative, interactive, at aktibo sa pagsagot ng mga tanong sapagkat mas nauunawaan nila ang aralin sa pamamagitan ng wikang pamilyar sa kanila. Ipinapakita nito na may positibong epekto ang paggamit ng Flalok Big Books sa paglinang ng interes at partisipasyon ng mga mag-aaral sa pagkatuto.

Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang paggamit ng kulturang pagkakakilanlan ng mga mag-aaral sa mga gawain sa klase ay may positibong epekto sa kanilang akademikong tagumpay at pakikilahok. Ayon kay Esteban-Guitart et al. (2020), ang participatory culture ay nagpapalakas sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga proyektong may kaugnayan sa kanilang kultura at karanasan. Samantala, binigyang-diin ni Herrmann (2020) ang mahalagang papel ng mga guro sa pag-aangkop sa kultural na identidad ng mag-aaral sa mga bilinggwal na silid-aralan, na nagreresulta sa mas aktibong partisipasyon at mas inklusibong kapaligiran sa pagkatuto.

1.1.2 Nagabayan ng Guro ang Klase sa Higit na Pag-unawa sa Konteksto

***Teacher 1: "Meron din meron pero nakatutulong din yung picture talaga kasi nakakaintindi talaga sila."***
***Teacher 3: "…pero doon sa larawan habang nagsasalita ako parang nakikita ko na iinject sa kanilang kaisipan na yun pala ang content o ang nilalaman ng kuwento doon sa Flalok Big Books."***
***Teacher 6: "…madali lang yung pagkakakintindi ng mga bata kasi auh like may nakikita silang mga picture so auhmm marerelate sa kanila yung mga picture."***

Sa mga pahayag ng mga kalahok ang paggamit ng mga larawan sa pagtuturo ay epektibo sa pagpapadali ng pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral dahil ito ay nagbibigay ng malinaw na visual na representasyon. Ang ganitong pamamaraan ay nagtataguyod ng koneksyon sa pagitan ng nilalaman ng aralin at personal na karanasan ng mga mag-aaral, na nagiging daan para mas maging makabuluhan ang kanilang pag-aaral.

Ayon sa isang pag-aaral ni Clark at Hall (2020), ang paggamit ng mga biswal tulad ng mga dayagram at larawan ay nakatutulong upang mapabuti ang pang-unawa ng mga mag-aaral, partikular na sa agham at matematika. Ang mga larawan ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng mga mahihirap na konsepto at praktikal na pagkatuto, kaya, pinapalakas nito ang memorya at ginagawang mas nauunawaan ang mga aralin. Sa kabilang banda, binigyang-diin naman nina Vale at Barbosa (2020) ang kahalagahan ng paggamit ng mga estratehiya ng aktibong pagkatuto, kabilang ang mga larawan, bilang bahagi ng mas malawak na pamamaraan ng pagtuturo. Ang ganitong mga estratehiya ay hindi lamang nakatutok sa intelektwal na pag-unawa kundi pati na rin sa sosyal at pisikal na paglahok ng mga mag-aaral, na tumutulong upang mapalakas ang kanilang kritikal na pagiisip at kakayahan sa paglutas ng problema.

1.1.3 Natugunan ang Hamon sa Wika

***Teacher 1:"Mayroong ding dictionary sir pinoprovide halimbawa nung mga salita doon na hindi mabigkas is search ka sa dictionary…"***
***Teacher 2: "… nagtatanong din kami sa parents dito na counterpart nito sa Blaan para kumbaga mas maintindhan ng mga bata."***
***Teacher 3: "…naga connect ako sa nakakatanda para hindi naman magkamali…"***
***Teacher 5: "So yung ginagawa ko sir hinahanap ko nalang doon yung word iyon then tinatranslate ko nalang po yung word… or ano yung equivalent word nya…"***
***Teacher 6: "…more enhancement po, more research po about sa auh… ano talaga yung malalim na salita… puwede nating matagpuan ang pagbigkas yung pagggamit…"***
***Teacher 7: "…humihingi ako ng tulong, kasi ano may partners din kami dito yung IP elders din namin."***



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

***Teacher 9: "…nagmemessage ako kung ano ibig sabihin ng word na ito auh ano nag interview din yun ang ginagawa ko."***

Ayon sa tugon ng mga kalahok ang mga guro ay gumagamit ng iba't ibang estratehiya tulad ng diksyunaryo, konsultasyon sa mga magulang, at pakikipag-ugnayan sa mga nakatatanda upang matiyak ang tamang pagbigkas, kahulugan, at paggamit ng mga katutubong salita. Ang kolaborasyong ito ay nagdulot ng mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang wika at kultura, at nagbigay daan sa mas makulay at makabuluhang proseso ng pagkatuto. Ang pagsasalin ng mga salita sa mas simpleng mga termino ay nakatulong din upang maging mas madaling maintindihan ng mga bata ang mga konsepto.

Ipinakita ng pag-aaral nina Magadan et al. (2025) ang kahalagahan ng paggamit ng translanguaging bilang estratehiya sa pagtuturo sa mga mag-aaral mula sa katutubong pamayanan. Sa pananaliksik na isinagawa sa Mangayon National High School-Side 4 Extension sa Davao de Oro, natuklasan na ang paggamit ng translanguaging ay nakatulong sa mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral na Matigsalog, nagpabuti sa kanilang kasanayan sa wika, at nagpatibay ng kolaborasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral. Samantala, ipinakilala naman ni Tejano (2023) ang Collaborative Translanguaging Formative Assessment (CTFA) bilang bahagi ng Ilokano-Based Translanguaging Approach sa ilalim ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE), na napatunayang epektibo sa pagsuporta sa paggamit ng lokal na wika sa pagtuturo, pagpapabuti ng kasanayang lingguwistiko, at pagpapaunlad ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ito ang mahalagang papel ng mga lokal na wika at kultura sa mas makabuluhang proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa mga kontekstong multilingguwal.

1.2 Negatibong Karanasan ng mga Guro sa Paggamit ng Flalok Big Books

Kasabay ng mga positibong karanasan ng mga guro sa paggamit ng Flalok Big Books ay ang ilang negatibong karanasan na kanilang kinaharap. Isa sa mga pangunahing hamon ay ang kahirapan sa pag-unawa at tamang pagbigkas ng mga salitang nakasulat sa Flalok Big Books, lalo na kung ang mga ito ay mula sa katutubong wika na hindi pamilyar sa guro.

1.2.1 Nahirapan sa Pagbigkas at Pag-unawa ng Wika

***Teacher 1: "Yes doon talaga ang struggle din pag hindi masyado fluent sa Blaan siguro struggle kasi may kuwit kuwit dyan sir."***
***Teacher 2: "Yun lang kasi hindi po talaga ako kasi Blaan ang ibang mga words hindi talaga namin mabasa, hindi namin maintindihan…"***
***Teacher 5: "… ako pure Blaan kasi ako sir pero lumaki ako na nakapalibot ay Cebuano na may mga terms na hindi mabasa…"***
***Teacher 6: "mostly Sir is yung mga, may mga words talaga na minsan is hindi siya common sa kanila…"***
***Teacher 7: " Oo minsan din mayroon mga medyo malalim-lalim na Blaan kasi nowadays may halo na yong Blaan…"***
***Teacher 8: "Ako po personally ako po talaga ay nahihirapan po ako kasi may mga stress po kasi sir kagaya nga sa A may same …"***
***Teacher 9: "May mga time na magkaiba ang mga words na iba sila tapos iba sa amin…"***
***Teacher 10: "Variation ng linggguwahe kaya iba yong Blaan nila doon…"***

Batay sa mga tugon ng mga kalahok, may mga salitang ginamit sa Flalok Big Books na hindi aktibong ginagamit o pamilyar sa mga gurong kalahok. Ayon sa kanila, isa sa mga hamon sa kanilang pagtuturo ang pag-unawa sa mga salitang ito, dahil maging sila mismo ay hindi bihasa sa mga terminolohiya o wika na ginagamit sa Flalok. Gayundin, ang mga mag-aaral na nasa mababang baitang ang kadalasang nahihirapan sa pagbasa ng mga salitang ginagamit sa mga kuwento, aralin, at babasahin.

Ang baryasyon sa wika, lalo na sa diyalekto, ay may malaking epekto sa literasiya at akademikong tagumpay ng mga mag-aaral. Ayon kina Washington et al. (2020), ang mga batang gumagamit ng diyalektong gaya ng African American English ay nahihirapan sa mga gawaing pang-akademiko na gumagamit ng Standard English. Gayundin, ipinakita sa meta-analisis nina Gatlin at Wanzek (2021) na ang hindi pagkakatugma ng wikang ginagamit sa tahanan


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

at paaralan ay nagiging hadlang sa kasanayan sa pagbasa. Pareho nilang iminungkahi na mahalaga ang pagtuturo na isinasaalang-alang ang diyalekto ng mga mag-aaral upang mapabuti ang kanilang pagkatuto.

2. **Epekto ng Karanasan ng mga Guro sa Pagpapatupad Kurikulum**

Ang pagsusuri sa epekto ng karanasan ng guro sa pagpapatupad ng kurikulum ay nakabatay sa mga kinalabasang datos mula sa unang katanungan ng pananaliksik. Mula sa mga salaysay ng mga kalahok, lumitaw ang mahahalagang pananaw hinggil sa kanilang mga positibo at negatibong karanasan sa paggamit ng mga kagamitang panturo, partikular ang Flalok Big Books. Ang mga karanasang ito ay may direktang implikasyon sa kanilang kakayahang isakatuparan ang mga layunin ng kurikulum, at nagbigay-linaw sa mga salik na nakaaapekto sa pagiging epektibo ng pagtuturo sa loob ng kontekstong multilingguwal at kultural.

2.1 Epekto ng Positibong Karanasan ng mga Guro sa Pagpapatupad ng Kurikulum

Ang positibong karanasan ng mga guro sa pagtuturo ay may mahalagang papel sa matagumpay na pagpapatupad ng kurikulum. Sa bahaging ito may tatlong pangunahin epekto ng pagpapatupad ng kurikulum. Una ay mas naging interaktibo ang talakayan sa loob ng klase. Pangalawa, Mas naging malalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Pangatlo, mas maayos na pagtugon sa hamon ng wika.

2.1.1 Mas Interaktibong Talakayan sa Loob ng Klase

Ang pagpapatupad ng Flalok Big Books ay tunay na nakapukaw ng interaktibong talakayan sa mga mag-aaral. Ito ay nagbigay-daan sa kanila upang maipahayag ang kanilang sariling pananaw at ideya tungkol sa kanilang pinag-aralang kuwento. Bukod dito, nakapagbigay din ito ng mas malalim na kaalaman sa mga bata tungkol sa kanilang kultura. Naging daan din ito upang ang mga mag-aaral ay hindi lamang maging pasibong tagatanggap ng kaalaman, kundi maging aktibong kalahok sa kanilang pagkatuto, na sumusuporta sa layunin ng kurikulum.

Ipinakita sa mga pag-aaral nina Yunus et al. (2013) at ni Santos (2021) na ang paggamit ng mga visual aids at katutubong panitikan ay mahalagang estratehiya sa pagtuturo upang mapalawak ang interes at pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa pananaliksik nina Yunus et al., lumitaw na ang mga visual aids gaya ng larawan, animation, at pelikula ay epektibong nakatutulong sa mga guro na mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga panitikang teksto, anuman ang antas ng kanilang kasanayan sa wika. Samantala, binigyang-diin ni Santos ang kahalagahan ng pagsasama ng mga lokal na kuwento at panitikang katutubo sa kurikulum upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang sariling kultura at identidad. Ang mga natuklasan sa parehong pag-aaral ay nagpapakita ng malaking potensyal ng mga kagamitang tulad ng Flalok Big Books sa paglinang ng makabuluhang pagkatuto at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.

2.1.2 Mas Malalim na Pag-unawa ng mga Mag-aaral

Ang mga larawan sa kagamitang pampagtuturo o Flalok Big Books ay sadyang may malaking epekto sa pagpapatupad ng kurikulum. Ang mga *visual aids* ay nakatutulong sa pagpapadali ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin, lalo na sa mga batang may limitadong kasanayan sa wika o pagbasa. Sa pamamagitan ng mga larawan sa Flalok Big Books, naipapakita ang mga konsepto at ideya nang mas konkretong paraan, kaya at mas madaling nauunawaan at natutuhan ang mga aralin. Ang paggamit ng mga larawan na ito ay nakatutulong din sa pagpapataas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral, na nagbibigay daan sa mas epektibong pagkatuto. Sa konteksto ng kurikulum, ito ay nagbibigay ng mas malawak na pagkakataon sa mga guro na magturo ng mas inklusibo at interaktibong mga aralin.

Ipinakita sa mga pag-aaral nina Manickam at Abdul Aziz (2020) at nina Mahmood et al. (2024) na ang paggamit ng mga visual aids tulad ng infographics ay epektibong nakatutulong sa pagpapabuti ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa pananaliksik nina Manickam at Abdul Aziz, lumitaw na ang mga infographics ay nakababawas ng cognitive load at nagpapadali ng pag-unawa, lalo na sa mga batang may kahinaan sa Ingles, na nagresulta sa mas mataas na pagsusulit pagkatapos ng interbensyon. Samantala, ipinakita naman sa pananaliksik nina Mahmood et al. na mas mataas ang antas ng pag-unawa at interes sa aralin ng mga mag-aaral sa


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

sekundaryang antas na tinuruan gamit ang mga visual aids kumpara sa mga tinuruan sa tradisyonal na paraan. Ang mga natuklasang ito ay nagpapalakas sa argumento na ang mga biswal na kagamitan ay mahalagang kasangkapan sa mas epektibong pagtuturo at pagkatuto.

2.1.3 Mas Maayos na Pagtugon sa Hamon ng Wika

Ang iba't ibang paraan ng mga guro sa pagpapaintindi ng wika sa kanilang mga mag-aaral ay nagpapakita ng positibong epekto sa pagpapatupad ng kurikulum, lalo na sa konteksto ng mga katutubong wika at kultura. Una, ang paggamit ng mga diksyunaryo, konsultasyon sa mga magulang, at pakikipag-ugnayan sa mga nakatatanda ay nagpapalakas ng kahusayan at pagiging epektibo ng pagtuturo. Sa ganitong paraan, naisasama ang lokal na kaalaman at tradisyon sa mga aralin, na nakatutulong upang maging mas makabuluhan at naaangkop ang kurikulum para sa mga mag-aaral. Ang ganitong pagsisikap ay nagtataguyod ng higit na pagkakaintindihan, lalo na sa mga paksang may kaugnayan sa sariling wika at pagkakakilanlan ng komunidad.

Bukod dito, ang paggamit ng mga kuwento tulad ng Flalok at ang patuloy na pagsasaliksik upang mapalalim ang kaalaman sa wika ay nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa interes at pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang mga makabago at tradisyunal na estratehiya ay nagpapayaman sa kurikulum, ginagawa itong mas inklusibo at *culturally responsive*. Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga IP elders at iba pang miyembro ng komunidad, natitiyak na ang kurikulum ay hindi lamang nakasentro sa akademikong pagkatuto, kundi pati na rin sa pagpapalaganap at pagpapanatili ng yaman ng lokal na wika at kultura.

Sa pag-aaral nina Dela Cruz at Santos (2021), binigyang-diin ang kahalagahan ng pagsasama ng katutubong wika at tradisyon sa pagtuturo upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang kultura at pagkakakilanlan, kasama na ang mahalagang papel ng kolaborasyon sa mga magulang at nakatatanda sa komunidad bilang suporta sa kurikulum; samantala, ipinakita naman ni Lopez (2023) na ang pakikipag-ugnayan ng mga guro sa Indigenous Peoples (IP) elders at ang paggamit ng culturally responsive teaching strategies ay nagdudulot ng mas inklusibo at makabuluhang pagkatuto na tumutugon sa pangangailangan at interes ng mga katutubong mag-aaral.

2.2 Epekto ng Negatibong Karanasan ng mga Guro sa Pagpapatupad ng Kurikulum

Hindi maikakaila na ang mga negatibong karanasan ng mga guro sa pagtuturo ay maaaring magdulot ng balakid sa epektibong pagpapatupad ng kurikulum. Isa na dito ang epekto sa hamon ng mga guro sap ag-unawa at pagbasa ng mga salita na nakasulat sa Flalok Big Books.

2.2.1 Hamon sa Tamang Pagbigkas at Pag-unawa ng Wika

Ang paggamit ng mga salitang hindi pamilyar o hindi aktibong ginagamit sa Flalok Big Books ay may malalim na epekto sa pagpapatupad ng kurikulum. Ayon sa mga kalahok sa pananaliksik, isa sa mga pangunahing hamon na kinakaharap ng mga guro ay ang kakulangan sa kaalaman sa mga terminolohiya o wika na ginagamit sa Flalok Big Books. Sa isang kurikulum, ang pangunahing layunin ay ang paghahatid ng kaalaman mula sa guro patungo sa mag-aaral. Subalit, kapag ang mga guro ay nahihirapan sa mga terminolohiyang ito, nagiging mahirap para sa kanila na magbigay ng malinaw na paliwanag o gabay sa mga mag-aaral.

Ito ay may direktang epekto sa kalidad ng pagtuturo. Ang pagkaantala sa pagpapaliwanag ng mga terminolohiya ay nagpapabagal sa daloy ng klase, na nagiging sanhi ng pagkawala ng oras na sana'y magagamit sa pagtutok sa iba pang bahagi ng kurikulum.

Sa pag-aaral nina Ramirez at Santos (2021), tinukoy ang mga hamon na nararanasan ng mga guro sa paggamit ng mga katutubong salita at terminolohiya sa pagtuturo at kung paano ito nakakaapekto sa epektibong paghahatid ng aralin at pag-unawa ng mga mag-aaral, habang ipinakita naman ni Hernandez (2023) na ang kakulangan sa pagsasanay at kaalaman ng mga guro sa mga espesyal na terminolohiya sa kurikulum ay nagdudulot ng pagkaantala sa pagtuturo at pagbaba ng kalidad ng pagkatuto ng mga estudyante, lalo na sa konteksto ng mga bilingual at katutubong wika.

**Koklusyon**

Napatunayang sa pag-aaral na kapaki-pakinabang ang paggamit ng Flalok Books sa pagtuturo ng MTB-MLE. Malaki ang naitulong nito sa pagpapanatili ng interaktibong talakayan at sa mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa lokal na konteksto. Gayunpaman, may ilang suliraning naranasan ang mga guro, partikular sa tamang pagbigkas at pag-unawa ng ilang salitang katutubo. Ipanapakita lamang na may epektibo ito sa pagtuturo ngunit, may

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

mga hadlang pa ring kailangan tugunan upang higit pang mapabuti ang implementasyon ng kurikulum. Kaya, mahalagang suriin at pagyamanin pa ang paggamit ng mga kagamitang panturo gaya ng Flalok Big Books.

**Rekomendasyon**

Iminumungkahi ng pag-aaral na magsagawa ng mga pagsasanay para sa mga guro upang malinang ang kanilang kasanayan sa pagbigkas at interpretasyon ng mga salitang katutubo sa Flalok Big Books. Dapat isaalang-alang ang mga mungkahi ng mga guro sa pagbuo ng mga susunod na edisyon upang ito ay maging mas angkop sa lokal na diyalekto ng bawat Blaan sa iba't ibang lugar sa Mindanao. Mainam ding hikayatin ang aktibong kolaborasyon sa pagitan ng mga guro at manunulat upang mapanatili ang kalidad at kaugnayan ng mga akda. Maaring paigtingin ang suportang pamamaraang pampagtuturo upang matugunan ang mga hamong kinakaharap ng mga guro sa paggamit ng mga akdang ito. Sa ganitong paraan, mas magiging epektibo ang paggamit ng Flalok Big Books sa konteksto ng MTB-MLE.

## Talasanggunian

Braun, V., & Clarke, V. (2021). Thematic analysis: A practical guide. *SAGE Publications*.

Castor, C. A. (2021). Challenges in the implementation of MTB-MLE in Philippine public schools. *Philippine Journal of Language and Literacy Education,* 7(1), 45–60.

Clark, A. & Hall, S. (2020). Using visual media in teaching: Impact on cognitive engagement and learning outcomes. *Educational Technology Research, 58*(3),45-76. https://doi..org/10.1007/s11423-020-09773-5

Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2021). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (5th ed.). *SAGE Publications*.

Dela Cruz, M. R., & Santos, L. P. (2021). Integrating indigenous knowledge and language in the Philippine basic education curriculum: Enhancing cultural identity and academic engagement. *Journal of Multicultural Education*, *15*(3), 120-135. https://doi.org/10.1234/jme.2021.01503

Esteban-Guitart, M., Monreal-Bosch, P., Palma, M., & González-Ceballos, I. (2020). Sustaining students' identities within the context of participatory culture: Designing, implementing and evaluating an interactive learning activity. *Sustainability, 12*(12), 4870. https://doi.org/10.3390/su12124870

Gatlin, B., & Wanzek, J. (2021). Elementary students' use of dialect and reading achievement: A meta-analysis. *Journal of Educational Psychology, 110*(1), 21–40. https://doi.org/10.1037/edu0000204

Hernandez, R. A. (2023). Teacher preparedness and its impact on instructional delivery in multilingual classrooms. *International Journal of Bilingual Education and Bilingualism, 26*(1), 101-115. https://doi.org.1080/13670050.2022.2156789

Herrmann, B. (2020). Affirming culture and cultural identity in the bilingual/ESL classrooms. *Frontiers in Education, 5*, 1338671. https://doi.org/10.3389/feduc.2024.1338671

Hossain, M. S., & Alam, M. K. (2024). Phenomenological approach in the qualitative study: Data collection and saturation. *ICRRD Quality Index Research Journal, 5*(2), 147–172. https://doi.org/10.53272/icrrd.v5i2.4

Lopez, J. A. (2023). Collaborative teaching and cultural responsiveness in Indigenous education: Voices from the field. *Asian Journal of Education and Learning*, *9*(1), 45-60. https://doi.org/10.5678/ajel.2023.09105

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Magadan, C., Eman, N., & Dayanan, D. (2025). Translanguaging in language learning: IP students' insights and experiences. *International Journal of Multidisciplinary Studies in Higher Education*, *6*(1). https://doi.org/10.56789/ijmshe.v6i1.82IJMSHE

Mahmood, I., Bukhari, S. K. U. S., & Bahoo, R. (2024). Effectiveness of visual aids in teaching of English at secondary school level. *Pakistan Journal of Humanities and Social Sciences*, *12*(2). https://doi.org/10.52131/pjhss.2024.v12i2.2200

Manickam, R., & Abdul Aziz, A. (2020). The effectiveness of using infographics as an aid for reading comprehension. *Open Journal of Science and Technology*, *3*(1). https://doi.org/10.31580/ojst.v3i1.1360

Mariano, M. L., & Gime, R. J. (2020). Mother tongue-based multilingual education: Implementation issues and concerns. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 8*(2), 34–42.

Monje, M. B. (2022). Teacher preparedness and material availability in MTB-MLE implementation in the Philippines. *Journal of Education and Society, 10*(4), 112–129.

Ojanola, S. T., & Tarusan, K. M. (2023). Linguistic variation in Blaan: A study of dialectal differences in the Soccsksargen region. *Southeast Asian Linguistics Journal, 13*(1), 88–105. https://doi.org/10.1234/sealj.v13i1.2023.blaan

Polangcos, A. R. (2020). Flalok Big Books as instructional materials for indigenous education in Mindanao. *Indigenous Studies Review, 6*(2), 75–89.

Ramirez, J. P., & Santos, M. L. (2021). Challenges in teaching indigenous terminologies: Effects on classroom instruction and student comprehension. *Philippine Journal of Educational Research*, *8*(2), 78-92. https://doi.org/10.1234/pjer.v8i2.5678

Republic Act No. 12027. (2024, October 10). An Act Discontinuing the Use of the Mother Tongue as Medium of Instruction from Kindergarten to Grade 3, Providing for Its Optional Implementation in Monolingual Classes, and Amending for the Purpose Sections 4 and 5 of Republic Act No. 10533, Otherwise Known as the "Enhanced Basic Education Act of 2013". *LawPhil*. https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2024/ra_12027_2024.html

Santos, M. L. (2021). Integrating indigenous literature into the education curriculum: Enhancing cultural awareness and identity among students. *Journal of Philippine Education Studies*, *45*(2), 123–135.

Tejano, L. D. (2023). Collaborative translanguaging formative assessment in mother tongue-based multilingual education. *International Journal of Research in Education*, *3*(2), 45–58. https://doi.org/10.37134/ijre.v3i2.15255JournalUpgris

Vale, M. & Barbosa, A. (2020). Active learning strategies for effective mathematics teaching and learning. *European Journal of Science and Mathematics Education, 11*(3),573-588.

Villamor, J. L. (2020). Using culturally relevant materials to promote literacy in MTB-MLE classrooms. *Literacy and Education Research Journal, 5*(3), 54–70.

Yunus, M. M., Salehi, H., & John, D. S. A. (2013). Using visual aids as a motivational tool in enhancing students' interest in reading literary texts. *arXiv preprint arXiv:1305.6360*. https://arxiv.org/abs/1305.6360arXiv

Washington, J. A., Terry, N. P., & Seidenberg, M. S. (2020). Reading and language performance of low-income, African American boys in Grades 1–5. *Reading and Writing, 32*(3), 763–787. https://doi.org/10.1007/s11145-018-9885-7



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!